# — COUNTY NG SAN MATEO —

## BATAS SA PAGPILI NG BOTANTE NG CALIFORNIA
## SUPLEMENTO SA ENERO 2020 – ENERO 2024
## PLANO SA PANGANGASIWA NG HALALAN
## PARA SA NOBYEMBRE 3, 2020
## NA PANGKALAHATANG HALALAN




OPISINA NI MARK CHURCH

**PUNONG OPISYAL SA MGA HALALAN AT TAGATASA-KLERK-TAGATALA NG COUNTY**

DIBISYON NG PAGPAPAREHISTRO AT MGA HALALAN

40 Tower Road, San Mateo, CA 94402

**phone** 650.312.5222 **fax** 650.312.5348

**email** registrar@smcacre.org **web** www.smcvote.org

@smcvote

Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko

# Talaan ng mga Nilalaman


**Mensahe mula sa Punong Opisyal sa mga Halalan** ........ 1

**Pangkalahatang-tanaw sa mga Pagbabago sa Halalan** ........ 2

**Mga Ligtas na Opsyon sa Pagboto** ........ 3

*Mga Sentro ng Pagboto* ........ 3

*Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo* ........ 3

*Paglilimbag ng Balota* ........ 3

*Pagpapakoreo ng Balota* ........ 4

*Mga Pamalit na Balota* ........ 4

*Sistema ng Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo* ........ 4

*Mga Kahong Hulugan ng Balota* ........ 4

*Paghuhulog sa Curbside at Pagboto sa Drive-Thru* ........ 4

*Pagbilang sa Balota* ........ 5

**Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante** ........ 6

*Mga Workshop ng Botante* ........ 6

*Mga Tekstong Mensahe upang Makipag-ugnayan sa mga Botante* ........ 6

*Postcard na Inaasinta ang mga Lugar na Mas Mababa sa Average ang Pagpaparehistro* ........ 6

**Buod ng mga Pagbabago sa Plano sa Pangangasiwa ng Halalan Apendise ng 2020 – 2024** ........ 7

*Mga Iminungkahing Lokasyon ng Sentro ng Pagboto* ........ 7

*Mga Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota* ........ 7

*Mga Layout ng Sentro ng Pagboto* ........ 7

*Mga Kasama sa Komunidad* ........ 7

*Kalendaryo ng mga Ginaganap sa Komunidad* ........ 7

*Mga Kasama sa Media* ........ 7

*Halimbawa: Tuwirang Kontak sa Botante* ........ 7

**Mga Komento ng Publiko** ........ 8

**Sagot ng Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan** ........ 9

Ang pahinang ito ay sadyang iniwang blangko

OFFICE OF
**ASSESSOR-COUNTY CLERK-RECORDER & ELECTIONS**
COUNTY OF SAN MATEO

**MARK CHURCH**
CHIEF ELECTIONS OFFICER &
ASSESSOR-COUNTY CLERK-RECORDER

Mahal na mga Kapwa Botante,

Ang suplementong ito sa Plano sa Pangangasiwa ng Halalan (EAP) ng County ng San Mateo para sa panahon na Enero 2020 hanggang Enero 2024, ay nagtataglay ng mga planong ispesipiko sa Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan. Ang isang suplemento ay kinailangan upang tugunan ang mga pagbabago sa ating EAP, kailangan dahil sa hindi pangkaraniwan at kauna-unahang pagsasagawa ng halalan sa panahon ng isang pandaigdig na pandemya. Hindi tulad ng Nobyembre 5, 1918 na panggitnang mga halalan, na ang paglahok ng botante ay mas mababa kaysa naunang panggitnang mga halalan dahil sa ikalawang bugso ng trangkasong Espanyol, inaasahan namin ang rekord na lokal na paglahok para sa halalang ito sa kabila ng pandemyang COVID-19. Ang mga susunod na pahina ay magdadala sa iyo sa batas at patnubay ng estado na susundin namin para sa halalan ng Nobyembre.

**Kung may matutunang isang mensahe, hayaan ang mga botante ng County ng San Mateo na magkaroon ng mga serbisyo sa halalan na inaasahan na nila sa isang ligtas, protektado at maginhawang paraan.**

Ang County ng San Mateo ay isa sa mga unang county sa estado na nagpatupad ng mga halalan ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM) noong 2018 sa ilalim ng Batas sa Pagpili ng Botante ng California, at ito ang magiging ating ikalimang halalan sa ilalim ng Batas sa Pagpili ng Botante. Karaniwang pamamaraan namin na awtomatikong padalhan sa koreo ang lahat ng nakarehistrong botante ng isang balota ng VBM na may sticker na “I Voted” at isang bayad na ang selyo na sobre para sa pagbabalik. Bawat botante ay binibigyan ng oportunidad na ipatala ang kanilang balota sa maginhawa at ligtas na sariling tahanan nila, na lalong mahalaga sa kapaligirang ito ng COVID-19.

Kung mas gusto ninyong bumoto nang personal, may 45 na Sentro ng Pagboto na magagamit. Tatlong Sentro ng Pagboto ang bubuksan para sa maagang pagboto sa ika-5 ng Oktubre. Magkakaroon ng napakaraming pag-iingat na pangkaligtasan sa lugar upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga botante at tauhan. Magkakaloob kami sa mga tauhan ng mga personal na nagpoprotektang kagamitan at magkakaloob sa mga botante ng maitatapong mga aytem upang bawasan ang maraming kontak sa pagitan ng mga botante. Ang mga pangkaraniwang ginagamit ng marami na mga aytem at ibabaw, tulad ng mga Tablet ng Pagmarka sa Balota at mga kubol ng pagboto, ay lilinisin pagkatapos ipagamit sa mga susunod na botante. Ang mga bagong gawaing ito ay malamang na magresulta sa nadagdagang mga oras ng paghihintay para sa mga botante sa Araw ng Halalan.

Ang isang bagong opsyon para sa karamihan ng mga botante ay ang kakayahang magpatala ng kanilang mga balota sa pamamagitan ng aming Sistema ng Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM). Ang RAVBM ay nagpapahintulot sa mga botante na gamitin ang alinmang computer na may akses sa internet at isang printer upang markahan ang kanilang mga pinili at i-print ang kanilang balota. Ang County ng San Mateo ay ang unang county sa estado na gumamit ng isang sistema ng Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo noong 2017. Ito ay binuo upang tulungan ang mga botanteng may kapansanan, at mga botanteng nasa ibang bansa at militar. Ang impormasyon tungkol sa kung paano maakses ang Sistema ng RAVBM ay nasa aming website, www.smcvote.org, at makikita sa pareho ng inyong pakete ng Halimbawang Balota at Pamplet ng Impormasyon para sa Botante.

Anuman ang paraan ng pagboto na mas gusto ninyo, hinihimok ko na bumoto, at hinihimok ko kayo na bumoto nang maaga.

Matapat,



Mark Church

40 Tower Road, San Mateo, CA 94402
**P** 650.312.5222 **F** 650.312.5348 **email** registrar@smcacre.org **web** www.smcacre.org

**Pangkalahatang-tanaw sa mga Pagbabago sa Halalan**

Ang Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan ng County ng San Mateo ay susunod sa mga pagbabago sa Kodigo sa mga Halalan ng California na ipinag-uutos para sa Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan sa ilalim ng mga tadhana ng Panukalang-batas ng Asembleya 860 at Panukalang-batas ng Senado 423. Susundin din namin ang Patnubay sa Pangangasiwa ng Halalan sa ilalim ng COVID-19 (binago noong 8/27/2020) ng Kalihim ng Estado, anumang mga karagdagang pagbabago sa patnubay, at ipatutupad ang mga gawain sa kalusugan at kaligtasan sa aming mga Sentro ng Pagboto na idinisenyo upang panatilihin ang mga botante at tauhan na ligtas alinsunod sa mga pampublikong utos na pangkalusugan ng estado at county.

Para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan, itatalaga sa bawat Sentro ng Pagboto ang isang Embahador ng Kalusugan/Tagabati upang sabihin sa mga botante na magsuot ng isang face mask, sumagot sa mga tanong tungkol sa mga nagpoprotektang gawain at ipagunita sa mga botante na sundin ang mga marka upang panatilihin ang distansiyang pisikal. Ang mga tagabati, sinanay sa etiketang kaugnay ng kapansanan, ay gagala sa bawat pila ng botante, magtatanong kung mayroong may mga katanungan o gusto ng tulong. Sa sandaling nasa loob na ng isang Sentro ng Pagboto, ang mga mesa ng checki-in ay magkakaroon ng mga plexiglass shield upang pahintulutan ang mga tauhan na matulungan ang mga botante nang hindi mag-aatas ng pagdistansiyang pisikal.

Bago sa County ng San Mateo sa ilalim ng Panukalang-batas ng Asembleya 860:

- Magkaloob ng panlahat na akses sa ating Sistema ng Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM).[1]
- Palawigin ang huling araw upang matanggap ang mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo na may tatak ng koreo sa Araw ng Halalan hanggang sa ika-17 araw pagkaraan ng Araw ng Halalan.[2]
- Ang pagproseso ng mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay maaaring magsimula sa ika-29 na araw bago ang halalan.[3]

Ang Panukalang-batas ng Asembleya 860 ay nag-aatas sa mga county na magkaloob sa mga botante ng isang sistema ng pagtunton sa balota para sa lahat ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Patuloy na mabeberipika ng mga botante ng County ng San Mateo kung kailan natanggap ang kanilang balota kung kailan ito ibinilang, sa pamamagitan ng aming website, www.smcvote.org at My Election Info. Ang mga botante ay maaari ring magpatala para sa sistema ng pagtunton sa balota sa pamamagitan ng koreo. Where's My Ballot?, ipinagkakaloob ng Kalihim ng Estado.

Habang ang Panukalang-batas ng Senado 423 ay nag-aawtorisa sa mga county na huwag buksan ang mga sentro ng pagboto bago ang ika-3 araw bago ang Nobyembre 3, 2020, na pambuong-estadong pangkalahatang halalan, ipagpapatuloy ng County ng San Mateo ang pagbubukas ng tatlong sentro ng pagboto 29 na araw bago ang halalan.

Noong Mayo 2020, ang opisina ng Kalihim ng Estado ay nagdagdag ng bagong ipinag-uutos ng estado na mga wika sa ilalim ng Kodigo sa mga Halalan (EC) 14201, na mga pagpapasiya ng minoriyang wika. Tatlo sa mga wikang ito ay idinagdag sa mga iniaatas na wika ng County ng San Mateo: Burmese, Hindi at Hapon. Ang County ng San Mateo ay magkakaloob at magpapakita ng mga paksimileng balota sa mga wikang ito, at ng edukasyon at pakikipag-ugnayan para sa kanila.

Ang Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan ay nagdagdag ng isang Naililipat na Sentro ng Pagboto, isang pansamantalang gusali na maaaring ilipat ng isang trak, upang magkaloob ng mas marami pang mga opsyon. Ang iskedyul ay kinabibilangan ng dalawang malaking sentro ng lokal na pamimili, isang maliit na paliparan at mataas na paaralan sa Coastside gayon din ng loteng paradahanng isang kilalang lugar, ang Cow Palace. Ang mga lokal ay pinili batay sa 15 pamantayan na itinatag ng Batas sa Pagpili ng Botante ng California[4] at mga rekomendasyon mula sa kasangkapan sa paglalagay ng Sentro para sa Nagsasamang Demokrasya.

---

[1] Ang sistema ng RAVBM ay nilikha para sa mga botanteng may kapansanan, mga botanteng naninirahan sa ibang bansa o nasa militar at/o isang miyembro ng pamilyang militar.

[2] Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang huling araw para sa pagtanggap ng isang balotang tinatakan ng koreo bago ang Araw ng Halalan ay tatlong araw kasunod nito.

[3] Sa ilalim ng kasalukuyang batas, ang mga county ay maaaring magsimulang magproseso ng mga balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo 10 araw bago ang isang halalan. Ang mga resulta ay hindi pa rin ilalabas hanggang pagkatapos magsara ang lahat ng botohan sa gabi ng Halalan.

[4] Ang mga pamantayan ay kinabibilangan ng: pampublikong transportasyon, mga komunidad na laging mababa ang paggamit ng pagboto sa pamamagitan ng koreo, mga sentro ng populasyon, mga komunidad ng minoriya sa wika, mga botanteng may kapansanan, mga komunidad na mababa ang bilang ng mga may-ari ng sasakyan, mga komunidad na maliit ang kita, mga komunidad ng mga karapat-dapat na botante na hindi nakarehistro, mga populasyon na nasa nakahiwalay na lugar, gayon din ng akses sa libreng paradahan, oras at distansiya na dapat lakbayin ng isang botante upang makarating sa lokasyon, ang pangangailangan ng panghaliling paraan ng pagboto para sa mga botanteng may kapansanan, mga takbo ng trapiko, , ang mga pangangailangan ng mga naililipat na sentro ng pagboto bilang karagdagan sa mga itinatag ng batas, kabilang ang isang kampus ng pampublikong unibersidad o kolehiyo.

**Mga Ligtas na Opsyon sa Pagboto**

Ang County ng San Mateo ay nakahandang magsagawa ng Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan nang ligtas sa mga hindi pangkaraniwang mapanghamong panahong ito.

*Mga Sentro ng Pagboto*
Ang Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan ay nagsimulang magplano ng mga modipikasyon sa mga pamamaraan at para sumunod ang mga Sentro ng Pagboto sa Marso 2020 sa mga pamantayang pangkalusugan ng CDC at County bilang tugon sa COVID-19.

Magkakaroon tayo ng 45 Sentro ng Pagboto sa halalang ito na maginhawang matatagpuan sa buong county. Bilang karagdagan sa 15 factor na nakasaad sa Batas sa Pagpili ng Botante, na ginagamit ng Dibisyon sa Pagpapareheistro at mga Halalan upang matukoy ang mga pinakamahusay na lokasyon ng Sentro ng Pagboto, at paggamit ng kasangkapan sa Paglalagay ng Lokasyon sa Pagboto ng Sentro para sa Nagsasamang Demokrasya, ang mga Sentro ng Pagboto ay ay sumailalim sa survey upang tiyakin na may espasyo upang matiyak ang sapat na pagdistansiyang pisikal sa pagitan ng mga botante at tauhan. Lahat ng lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay madadaling mapupuntahan.

Ang mga Kinatawan ng Sentro ng Botante (mga VCR) ay tatanggap ng pareho ng online na pagsasanay at personal na pagsasanay (sa mga silid ng pagsasanay na isinaayos upang ipahintulot ang pagdistansiyang pisikal sa pagitan ng mga tao). Habang ang mga dating pangunahing tungkulin ng mga VCR ay upang papasukin ang mga botante, magkaloob ng mga nakalimbag na balota o kard para sa mga botante upang gamitin ang mga Kagamitan sa Pagmarka ng Balota, ang mga VCR ay tatanggap na rin ngayon ng pagsasanay sa mga iniaatas na paglilinis at pagdis-impektang mga VCR at bibigyan ng patnubay sa paggamit ng mga personal na nagpoprotektang kagamitan (tulad ng mga face mask at guwantes). Ang mga tauhan ng Sentro ng Pagboto ay daragdagan upang ipahintulot ang pagsaklaw ng mga karagdagang responsibilidad na ito.

Lahat ng VCR ay tatanggap ng pagsasanay sa etiketang kaugnay ng kapansanan at serbisyo sa parokyano. Ang mga prinsipyong nakapaloob sa aming pagsasanay sa kamalayan sa pagiging sensitibo sa kapansanan ay upang naging magalang at mag-alay ng tulong, at magkaloob sa botante ng oportunidad na linawin ang suportang kinakailangan. Ipagbibigay-alam din sa kanila ang pagkakaroon ng mga pagkalibre sa pagsusuot ng mga pantakip sa mukha upang hindi ipagkait ang pundamental na karapatan na bumoto sa sinuman dahil sa hindi pagsusuot ng face mask.

Ang isang botanteng hindi nakasuot ng mask ay aalukin ng lahat ng opsyon para sa pagboto, kabilang ang pag-isyu ng isang madadalang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, pagpapayo tungkol sa Sistema ng RAVBM, pagkakaloob ng isang papel na balota o isang pag-aayos para sa Istasyon ng Pagmarka sa Balota sa labas ng Sentro ng Pagboto. Ang mga VCR ay sinanay upang tiyakin ang pampublikong kaligtasan habang iginagalang ang dignidad ng mga botanteng may kapansanan, pinahihintulutan ang mga botanteng ito na bumoto nang walang hindi kailangang pagkaantala.

Ang mga manggagawa ng Sentro ng Pagboto ay patuloy na tatanggap ng pagsasanay sa layunin ng mga paksimileng kopya ng mga balota at paano magkaloob ng isang paksimileng balota, kapag hiniling ng isang botante. Ang pagsasanay ay magsasama ng impormasyon tungkol sa mga bagong wikang idinagdag mula noong halalan ng Marso. Ang mga tanda para sa mga isinaling sangguniang balota sa lahat ng wikang pinagilingkuran ng county ay isasapanahon sa tatlong bagong iniaatas na mga wika, Burmese, Hindi at Japanese.

Hinihimok namin ang lahat ng botante na bumoto nang maaga upang maiwasan ang mga pila sa Araw ng Halalan.

*Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo*
Bilang isa sa unang limang county na nagpatupad ng Batas sa Pagpili ng Botante noong 2018, ang County ng San Mateo ay mahusay na nakaposisyon upang magpadala sa lahat ng ating mga nakarehistrong botante ng Mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Ang mga botante ay magkakaroon na ng opsyon na ibalik ang kanilang balota sa koreo, gamitin ang isa sa ating mga Opisyal na Kahong Hulugan o dalhin ang kanilang mga balota sa isang Sentro ng Pagboto. Tayo ay may 36 na Lokasyon ng Kahong Hulugan sa halalang ito, isang pagtaas mula sa 33 sa Primaryang Halalan, nagkakaloob sa mga botante ng mas maraming maginhawang opsyon upang ibalik ang kanilang binotohang balota. Ang mga lokasyo ng kahong hulugan ay pinipili sa ilalim ng15 pamantayan sa paglalagay ng Batas sa Pagpili ng Botante na katulad sa mga Sentro ng Pagboto.

*Paglilimbag ng Balota*
Ang Dibisyon sa Pagpapareheistro at mga Halalan ay nakipagtulungan sa K&H Election Services, isa sa mga pinakamalaking tagalimbag ng balota sa bansa sa higit sa 12 taon, at sa mga pamamagitan ng mga ito, kami ay

nakahandang gumawa ng higit sa 427,000 balota na ipapakoreo sa mga nakarehistrong botante ng County ng San Mateo.

*Pagpapakoreo ng Balota*
Bago ang bawat halalan, pinupulong ng Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan ang mga tauhan mula sa United States Postal Service (USPS) upang magkaloob ng maagang impormasyon tungkol sa mga petsa ng pagpapakoreo, inaasahang dami at sinusuri ang anumang mga pagbabagong ipinatutupad ng USPS.

Ang County ng San Mateo ay may napakahusay na relasyon sa pakikipagtrabaho sa USPS, at kami ay magkasamang nagtatrabaho sa buong panahon ng halalan upang ilabas ang mga balota at ibalik sa tamang panahon.

Matutunton ng mga botante ang kanilang mga balota sa pamamagitan ng serbisyo ng BallotTrax ng Kalihim ng Estado. Ang mga botante ay makakatanggap ng may-awtomasyong pag-alerto sa pamamagitan ng tekstong mensahe, email o tawag sa telepono tungkol sa katayuan ng kanilang balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa bawat hakbang sa pamamagitan ng pagpapatala sa “Where’s My Ballot?” sa Wheresmyballot.sos.ca.gov.

*Mga Pamalit na Balota*
Habang ang mga botante ay maaaring humiling ng mga pamalit na balota na ipapakoreo sa kanila hanggang Oktubre 27 o pumunta sa alinmang Sentro ng Pagboto upang kumuha nito, para sa halalang ito, upang bawasan ang mga oras ng paghihintay, ang mga botante ay maaaring humiling ng isang pamalit na balota na makukuha bago bumisita sa isang Sentro ng Pagboto. Ang mga botante ay makakakuha ng isang form ng paghiling sa aming website, www.smcvote.org o maaaring tumawag/magteksto sa 650.312.5222 isang araw bago ang pagkuha, upang magsumite ng isang kahilingan at pumili ng isang lokasyon para sa pagkuha. Sa sandaling maihanda na ang balota para sa pagkuha, sila ay tatanggap ng isang email na may mga tagubilin na ispesipiko sa lokasyon.

*Sistema ng Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo*
Para sa halalang ito ng Nobyembre, lahat ng botante ay makakagamit ng Sistema ng Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM) upang ligtas na maakses, markahan at ilimbag ang kanilang balota mula sa alinmang computer na may akses sa Internet at isang printer. Ang serbisyong ito ay naging isang opsyon sa pagboto para sa mga botanteng may kapansanan upang matanggap at markahan ang kanilang mga balota nang independiyente at protektado. Ito ay nagkakaloob din sa mga botanteng nasa ibang bansa at mga botanteng militar ng isang paraan upang bumoto sa tamang panahon. Bilang pagtugon sa pandemyang COVID-19, ang serbisyo ay pinalawak sa lahat ng botante upang gawin ang pagboto na mas madali at magagawa hanggang posible. Ang mga minarkahang balota ay dapat ibalik sa Dibisyon ng mga Pagpaparehistro at mga Halalan sa pamamagitan ng koreo o Kahong Hulugan; hindi maibabalik ng mga lokal na botante ang kanilang balota sa pamamagitan ng email o fax.[5]

*Mga Kahong Hulugan ng Balota*
Simula sa Oktubre 5, ang mga botante ay magkakaroon ng akses sa 39 na lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota na maginhawang matatagpuan sa buong county. Dalawampu’t-siyam na lokasyon ng Kahong Hulugan ang nasa labas, kaya magagamit ang mga ito 24/7. Bawat kahon ay protektado, na may mga panloob na kahon na nagtataglay ng mga security lock at fastening cable, at mga panlabas na kahon na ginawa sa bakal at matatag na nakakabit sa kongkreto. Lahat ng kahong hulugan ng balota at ang mga lokasyon ng mga ito ay pisikal na mapupuntahan ng mga botanteng may kapansanan.

Ang mga pangkat ng dalawa ay kukuha ng laman ng bawat kahong hulugan dalawang beses sa isang linggo sa pagitan ng Oktubre 5 at Oktubre 25, tatlong beses sa isang linggo mula Oktubre 26 hanggang Nobyembre 1, at hindi bababa sa minsan sa isang araw sa Nobyembre 2 at Araw ng Halalan. Ang mga kinolektang balota ay ibinabalik sa Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan para sa pagproseso at protektadong pangmatagalang pag-iimbak.

*Paghuhulog sa Curbside at Pagboto sa Drive-Thru*
Lahat ng 45 Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng mga boluntaryo at tauhan upang tanggapin ang mga saradong sobre ng balota mula sa mga botante sa kanilang mga sasakyan. Ang paghuhulog sa curbside ay

[5] Ang mga botanteng militar at nasa ibang bansa ay dapat sumangguni sa Pederal na Programa sa Pagtulong sa Pagboto para sa mga karagdagang opsyon sa pagbabalik ng balota.

nagpapahintulot sa mga botante na ihulog ang kanilang balota nang mas mabilis kaysa pagbubukas pa ng pinto ng Kahong Hulugan. Ito ay nagkakaloob din ng isa pang opsyon para sa mga taong nahihirapang maglakad, o may ibang pisikal na limitasyon, upang ihulog ang kanilang balota sa Opisyal na Kahong Hulugan.

Sa San Mateo County Event Center, magkakaroon din ang isang opsyon ang mga botante na makatanggap ng isang papel na balota mula sa kanilang mga sasakyan.

Ang paghuhulog sa curbside at pagboto sa drive-thru ay nagpapahintulot sa mga botante sa mga grupong madaling maapektuhan na maiwasan ang pagkahantad sa COVID-19.

Ang mga pangkat ay susunod sa mga pag-iingat na kaugnay ng COVID-19, tulad ng pagpapanatili ng anim na talampakang distansiya mula sa isa't -isa, pagsusuot ng mga face mask at paggamit ng mga guwantes upang tumanggap ng mga sobre mula sa mga drayber. Ang mga habong ay itatayo upang protektahan ang mga boluntaryo at tauhan laban sa panahon. Ang A-frame ay magpapabatid ng landas na dapat sundin para sa paghuhulog sa curbside o pagboto sa drive-thru at magpapagunita sa mga botante na magsuot ng mga face mask kapag nakikipag-usap sila sa mga tauhan sa mga Halalan.

*Pagbilang ng Balota*
Ang Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan ay may mga tauhan at teknolohiya upang tiyakin na ang mga balota ay binibilang nang tumpak at episyente. Pinalitan ng Dibisyon ang sistema nito ng pagbilang noong 2019, at ang mga tauhan ay nagkaroon ng oportunidad na gumamit ng mga bagong kagamitan para sa Nobyembre 5, 2019 na Pinagsamang Halalan ng Paaralang Munisipal at Espesyal na Distrito at sa Marso 3, 2020 na Pampanguluhang Primaryang Halalan. Ang mga bagong kagamitan ay nagpapahintulot sa amin na iproseso ang hanggang 50,000 sobre ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo kada oras.

**Edukasyon at Pakikipag-ugnayan sa Botante**

Ang isang halalan na isinasagawa sa panahon ng pandemya ay maaari lamang magtagumpay kung alam ng mga botante ang kanilang mga opsyon at karapatan sa pagboto, at sila ay nagtitiwala na ang pagboto ay ligtas, protektado at walang mga hadlang.

Ang mabisang edukasyon at pakikipag-ugnayan ay nakakamit kapag ang impormasyon ay inihahatid ng isang "pinagkakatiwalaang mensahero". Ang mga pag-aaral ay nagpapakita na ang mga ahensiya ng pamahalaan, mga organisasyong pangkomunidad, mga organisasyong hindi kaugnay ng pamahalaan, at mga komiteng nagpapayo ay naglilingkod bilang mga pinagkakatiwalaang mensahero sa mga bagay na may kinalaman sa halalan, na siyang dahilan kung bakit ipagpapatuloy namin ang aming nakikipagtulungang network ng pakikipag-ugnayan upang kumonekta sa mga botante.

*Mga Workshop ng Botante*
Ang Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan ay magsasagawa ng mga online na workshop sa mga kasama sa komunidad sa halip ng mga personal na workshop dahil sa COVID-19.

Ang mga workshop sa Setyembre at Oktubre 2020 ay ibibigay upang ipagbigay-alam sa mga komunidad ng wika at mga botanteng may kapansanan ang mga parating na pagbabago sa pagboto para sa Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan. Ang pagpaplano ay nasa proseso sa panahon ng publikasyong ito.

*Mga Tekstong Mensahe Upang Makipag-ugnayan sa mga Botante*
Kung walang mga ginaganap sa komunidad, ang Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan ay magpapadala ng mga tekstong mensahe upang makipag-ugnayan sa tinatayang 25,000 batang botante, mga residente sa lugar na karapat-dapat bumoto pero hindi nakarehistro at mga hindi aktibong botante.

Ang Dibisyon ay gagawa ng cross-reference ng mga batang botante, unang-pagkakataong mga botante at hindi aktibong botante sa tipunan ng datos na mga mobile phone number sa tipunan ng datos ng Political Data. Hanggang tatlong tekstong mensahe ang ipapadala upang himukin ang mga batang botante at unang-pagkakataong mga botante na bumoto. Ang mga mensahe ay ipapadala ng mga indibidiwal na nagtatrabaho para sa TextSurge.

Ang TextSurge ay kukuha ng impormasyon upang kontakin ang mga residente ng county, higit sa labingwalong taong gulang, sa ating mas mababang pagpaparehistro/paglahok na mga lugar (Daly City, East Palo Alto at mga lugar na hindi kasama sa korporasyon) upang magkaloob ng impormasyon sa pagpaparehistro para makaboto. Ang Dibisyon ay gagawa ng cross-reference ng mga pangalan at ibang nagpapakilalang impormasyon na nakuha ng TextSurge sa tipunan ng datos nito upang kumpirmahin na ang tao ay kasalukuyang hindi nakarehistro para makaboto.

Pangwakas, ang Dibisyon ay gagawa ng cross-reference ng mga hindi aktibong botante sa kaparehong mga lugar na mas mababa ang pagpaparehistro/paglahok na may mga mobile number mula sa Political Data upang ipagbigay-alam sa kanila na hindi sila tatanggap ng mga balota sa koreo mula sa County ng San Mateo maliban kung kontakin nila ang Dibisyon kung hindi pa sila lumipat o muling nagparehistro para makaboto.

*Postcard na Inaasinta ang mga Lugar na May Mas Mababang Average na Pagpaparehistro*
Bilang karagdagan sa tekstong mensahe sa mga posibleng botanteng na hindi nakakuha dahil sa kawalan ng mga ginaganap sa komunidad, ang Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan ay magpapakoreo ng isang postcard na kasinlaki ng liham na may impormasyon tungkol sa pagpaparehistro sa apat na wika sa halos 100,000 bahay. Ang mga postcard ay ihahatid sa pamamagitan ng USPS Every Door Direct Mail sa mga bahagi ng Daly City, East Palo Alto, Menlo Park, Redwood City, San Bruno, South San Francisco at mga lugar na hindi kasama sa korporasyon.

**Buod ng mga Pagbabago sa Plano sa Pangangasiwa sa Halalan Apendise ng 2020 – 2024**

*Mga Iminungkahing Lokasyon ng Sentro ng Pagboto*
Tataasan ng Dibisyon sa mga Halalan ang bilang ng mga Sentro ng Pagboto mula sa 42 noong Marso 3, 2020 na Pampanguluhang Primaryang Halalan patungo sa 45 para sa Nobyembre 3 na halalan.

Walang mga Sentro ng Pagboto na magbubukas 11 araw bago ang Araw ng Halalan.

Bilang karagdagan sa tatlong bagong lokasyon ng Sentro ng Pagboto, ang ilang lokasyon ay nagbago upang ipahintulot ang espasyo sa pagdistansiyang pisikal at lumikha ng isang-direksiyon na takbo ng trapiko. Ang mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay pinili sa pamamagitan ng mga pamantayan sa pagpili na tulad ng mga nauna, ang 15 pamantayan sa pagpili na nasa Batas a Pagpili ng Botante (VCA) ng California, komento ng komunidad at paggamit ng Kasangkapan sa Paglalagay ng Lokasyon sa Pagboto ng Sentro para sa Nagsasamang Demokrasya.

Ang mga plano para sa pagtatamo ng dalawang bagong nakapag-iisang mga Mobile Vote Center ay pansamantalang hindi gagamitin. Ang isang naililipat na gusali, na may rampa para sa madaling paggamit, ay inarkila upang palitan ang mga sentrong ito na nakapag-iisa. Ang mga lokasyon upang pangasiwaan ang Mobile Vote Center ay pinili batay sa mga pamantayan sa VCA, komento ng komunidad at paggamit ng Kasangkapan sa Paglalagay ng Lokasyon sa Pagboto ng Sentro para sa Nagsasamang Demokrasya.

*Mga Lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota*
Itinaas namin ang bilang ng panlabas na 24/7 na mga lokasyon mula sa siyam noong Marso patungo sa 29 para sa Nobyembre. Ang mga lokasyon ay pinili sa pamamagitan ng mga pamantayan sa pagpii na tulad ng mga nauna, ang 15 pamantayan sa pagpili ng Batas sa Pagpili ng Botante ng California at komento ng komunidad. Ang mga lokasyon ng kahong hulugan ay protektado, mapupuntahan ng mga botanteng may kapansanan at matatagpuan nang malapit hanggang magagawa sa mga ruta ng pampublikong transportasyon.

*Mga layout ng Sentro ng Pagboto*
Ang bagong sampol ay binubuo para gamitin sa mas malaking mga silid upang ipahintulot ang pagdistansiyang sosyal at kung saan posible, isang-direksiyon na daloy ng trapiko.

*Mga Kasama sa Komunidad*
Ikinalulugod naming magdagdag ng tatlong karagdagang nakabase sa komunidad na mga organisasyon sa aming seksyon ng kasama sa komunidad.

*Kalendaryo ng mga Ginaganap sa Komunidad*
Lahat ng ginaganap na personal na humaharap ang publiko ay kinansela dahil sa COVID-19 kasunod sa halalan ng Marso 3.  Limang birtuwal na ginaganap ang kasalukuyang nakatakda.

*Mga Kasama sa Media*
Pitong kasama sa media ang idinagdag.

*Halimbawa: Tuwirang Kontak sa Botante*
Kasama sa Postcard 1 ang talahanayan sa mga petsa ng Sentro ng Pagboto, bilang ng bukas at mga oras na inaasahan na mga botante. Ang impormasyon tungkol sa kahandaan ng COVID-19 at pagiging magagamit ng Sistema ng RAVBM para sa lahat ng botante ay idinagdag.

Ang Postcard 2 at 3 ay magdaragdag din ng impormasyon sa aming kahandaan sa COVID-19 at pagiging magagamit ng RAVBM para sa lahat ng botante.

## Mga Komento ng Publiko

*Lahat ng komentong natanggap sa mga Panahon ng Pasusuri ng Publiko ay inilathala sa ibaba na may mga sagot mula sa Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan.*

---

Setyembre 29, 2020
Sa pamamagitan ng elektronikong koreo

Mahal Naming Ginoong Church:
Ikinalulugod namin ang oportunidad na magsumite ng mga komento tungkol sa Suplemento sa Plano sa Pangangasiwa ng Halalan ng County ng San Mateo, na tumutugon sa mga pagbabagong may kaugnayan sa COVID-19. Ang Disability Rights California (DRC) ay ang sistema ng proteksiyon at pagtataguyod para sa mga taga-California na may kapansanan at ispesipikong itinalaga sa pagtiyak ng "buong paglahok sa proseso ng paghalal para sa mga indibidwal na may kapansanan, kabilang ang pagpaparehistro para makaboto, pagpapatala ng boto at pag-akses sa mga lugar ng pagboto." (Tingnan ang 42 U.S.C. § 15461.)

### Mga Komento sa mga Sentro ng Pagboto at mga Kahong Hulugan

**<u>Mga Paglilipat at Aksesibilidad ng Sentro ng Pagboto at "Pop-Up" na mga Sentro ng Pagboto</u>**

Ang Suplemento sa EAP ng County ng San Mateo ay nagsasaad na *"ang ilang lokasyon ng [sentro ng pagboto] ay nagbago upang ipahintulot ang espasyo upang panatilihin ang pagdistansiyang pisikal at lumikha ng isang-direksiyong trapiko"* at na "ang mga lokasyon ng [s] ng [pagboto] na nagbago ay naglalayong manatili sa loob ng lugar na malapit sa dating ginagamit na mga lokasyon." (p.6) Bagaman nauunawaan namin ang hirap sa paghanap ng mga sentro ng pagboto sa panahon ng isang pandemya, ang Batas sa Pagpili ng Botante (VCA) ay nag-aatas pa rin ng isaalang-alang ninyo ang lahat ng 15 factor na nasa ilalim ng seksyon 4005(a)(10)(B) bago ilipat ang mga sentro ng pagboto. Bagaman nauunawaan namin na malamang na isinaalang-alang ninyo ang mga factor, ang pagtalakay sa mga ito ay dapat na higit sa paglalarawan sa mga bagong lokasyon bilang "malapit sa lugar" ng mga nauna. Mangyaring talakayin ang iyong pagsasaalang-alang sa mga factor na ito – partikular ang mga factor na "malapit" (halimbawa, kung ang lokasyon ay malapit sa komunidad ng may kapansanan). (Tingnan ang § 4005(a)(10)(B)(v) ng Kodigo sa mga Halalan.) Ang kapareho ay angkop sa inyong pagtalakay sa dalawang bagong lokasyon ng "pop-up" na sentro ng pagboto.

Hinihimok din ng DRC ang County ng San Mateo na kumpirmahin ang pisikal na aksesibilidad sa lahat ng lokasyon ng sentro ng pagboto at "pop-up" na sentro ng pagboto. (Tingnan ang §§ 1604, 4005(a)(4)(C) ng Kodigo sa mga Halalan.) Sa palagay namin, ang pinakamahusay na gawin ay ang ipaliwanag na ang lahat ng lokasyon ng sentro ng pagboto ay makukuha sa mga dokumento sa pagpaplano ng halalan.

**<u>Madaling Pag-akses sa kahong Hulugan at mga Bagong Lokasyon</u>**

Tulad sa mga sentro ng pagboto, ang VCA ay nag-aatas na ang mga kahong hulugan ng balota (at ang mga lokasyon ng mga ito) pisikal na mapupuntahan ng mga botanteng may kapansanan. (Tingnan ang § 4005(a)(1)(B) ng Kodigo sa mga Halalan). Ang DRC ay humihimok ang County ng San Mateo na isama ang katotohanang ito sa Suplemento ng EAP. Masisiguro nito ang mga botanteng may kapansanan na mapupuntahan nila ang lahat ng lokasyon ng kahong hulugan ng County ng San Mateo.

Ang DRC ay humihimok din ang County ng San Mateo na kumpirmahin ang pagsasaalang-alang nito sa 15 factor na nakalista sa ilalim ng seksyon 4005(a)(10)(B) ng VCA (partikular ang mga factor na "pagiging malapit") para sa bawat isa ng tatlong bagong lokasyon ng kahong hulugan.

**<u>Pagboto sa Gilid ng Daan</u>**

Ang Suplemento ng EAP ng County ng San Mateo ay dapat tumalakay sa pagboto sa gilid ng daan. Ang pagboto sa gilid ng daan ay isang mahalagang akomodasyon para sa mga botante na maaaring nahihirapang puntahan ang mga sentro ng pagboto (kahit na ang mga ito ay madaling mapupuntahan). Sa halalang ito, ang pagboto sa gilid ng daan ay nagpapahintulot sa mga botante kabilang sa mga grupong madaling maapektuhan na maiwasan ang posibleng pagkalantad sa COVID-19. Sa palagay din namin, pinakamahusay na gawin para sa County ng San Mateo na talakayin ang pagboto sa gilid ng daan sa website ng mga halalan nito.

Panghuli, mangyaring isama ang paunawa ng anumang mga pag-iingat sa COVID-19 (halimbawa, ang mga manggagawa ay magdadala ng mga sanitizer at na-disinfect na kagamitan sa mga botante sa gilid ng daan) na makakaapekto sa pagkakaloob ng pagboto sa gilid ng daan.

**Mga Pangkalahatang Komento:**

**Pagpapahintulot sa Lahat ng Botanteng Personal na Boboto na Bumoto nang Walang Hindi Kailangang Pagkaantala**

Ang Suplemento ng EAP ay nagsasaad na "*[ang mga manggagawa sa botohan] ay [] bibigyan ng kaalaman tungkol sa mga pagkalibre sa [Patnubay sa Pantakip sa Mukha ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (CDPH)] upang hindi mapagkaitan ng pundamental na karapatang bumoto ang sinuman dahil sa hindi pagsusuot ng pantakip sa mukha* ***kung ang taong iyon ay sumusunod sa patnubay****.*" (p. 3 (idinagdag ang diin).) Pero ang kamakailang CC/ROV ("Patnubay sa Pangangasiwa ng Halalan sa ilalim ng COVID-19") ng Kalihim ng Estado (SOS) ay malinaw na ang mga manggagawa sa botohan ay dapat na hindi dumanas ng "hindi kailangang pagkaantala sa isang botanteng walang pantakip sa mukha"—at katulad nito ang "***mga manggagawa sa [h]alalan ay hindi dapat magtaboy sa isang botante dahil sa kawalan ng pantakip sa mukha***." (Tingnan ang CC/ROV Memorandum No. 20154 (Hulyo 21, 2020) sa pahina 9, 20 (idinagdag ang diin).)

Kaya, maging ang mga botanteng hindi kuwalipikado sa ilalim ng patnubay ng CDPH ay hindi dapat sumailalim sa hindi kailangang pagkaantala o itaboy mula sa pagboto ng mga manggagawa sa botohan ng County ng San Mateo, kung ang mga botanteng iyon ay dumating upang personal na bumoto. Mangyaring linawin ang pananalita sa inyong Suplemento ng EAP upang ipakita ang mahahalagang puntong ito sa patnubay ng SOS.

**Pagtrato sa Lahat ng Botanteng May Kapansanan nang May Dignidad at Paggalang**

Ang Suplemento ng EAP ay nagsasaad na "*Ang isang botanteng hindi makapagsuot ng pantakip sa mukha ay maaaring pabotohin sa labas o maghintay na umalis ang ibang mga botante upang magkaloob ng karagdagang distansiya sa pagitan ng taong ito at ibang mga botante.*" (p. 3) Mangyaring kumpirmahin na ang mga manggagawa sa botohan na nagpapatupad ng patnubay na ito ay lubos na sinanay sa etiketang kaugnay ng kapansanan kapag naglilingkod sa mga botanteng may kapansanan—kabilang ang mga hindi makapagsuot ng pantakip sa mukha. Dapat matiyak ng mga manggagawa sa botohan ang kaligtasan ng publiko habang iginagalang ang dignidad ng mga botanteng may kapansanan (halimbawa, huwag "ituring na iba" ang mga hindi makapagsuot ng pantakip sa mukha), habang pinahihintulutan ang mga botante nang walang hindi kailangang pagkaantala.

Salamat sa inyong kahandaang maging matugunin sa komento ng komunidad at tagalabas. Ikinalulugod namin ang bukas na linya ng komunikasyon namin sa inyo at sa inyong mga tauhan. Mangyaring kontakin kami kung may mga tanong o komento kahit kailan.

Matapat,

Fred Nisen
Nangangasiwang Abugado sa mga Karapatan sa Pagboto
Voting Rights Practice Group

Jason H. Connor
Abugado para sa mga Karapatan sa Pagboto
Voting Rights Practice Group

Paul R. Spencer
Abugado para sa mga Karapatan sa Pagboto
Voting Rights Practice Group

---

**Sagot ng Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan**

Mahal Naming Ginoong Nisen, Ginoong Spencer at Ginoong Connor:

Salamat po sa inyong mga komento at mungkahi para sa aming Plano sa Pangangasiwa ng Halalan para sa Enero 2020 hanggang Enero 2024 na Suplemento para sa ika-3 ng Nobyembre 2020 na Halalan. Ang Dibisyon sa Pagpaparehistro at mga Halalan ay lubos na gumagalang sa kadalubhasaan ng Disability Rights California sa pagprotekta at pagtataguyod para sa mga karapatan ng mga taga-California na may kapansanan, at umaasa

kami sa inyo bilang isang partner, nagkakaloob ng inyong kadalubhasaan sa amin tungkol sa kung paano namin mas mahusay na mapaglilingkuran ang mga indibidwal na may kapansanan sa ating mga komunidad.

Tama kayo, ang aming mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto, Mobile Vote Center, Pop-Up na mga Sentro ng Pagboto at Kahong Hulugan ay laging pinipili na sumusunod sa mga pamantayan ng Batas sa Pagpili ng Botante at sa komento ng komunidad. Idinagdag namin ang impormasyong ito sa suplementong ito. Idinagdag din namin na ang lahat ng lugar ng pagboto, mga kahong hulugan at ang mga lokasyon ng mga ito ay madaling mapupuntahan.

Nakita namin ang suplementong ito bilang isang dokumento na dapat gamitin kasama ng aming Plano sa Pangangasiwa ng Halalan. Sa pagbabalik-tanaw, sumasang-ayon kami sa inyo na pinakamahusay na gawin na isama ang impormasyong ito sa bawat dokumento ng pagpaplano sa halalan. Ipinagmamalaki naming ipahayag ang mga pamantayan na ginagamit sa pagpili ng aming mga lugar ng pagboto at ipahayag na ang lahat ng lokasyon ay madaling mapupuntahan. Salamat po sa pagkakaloob ninyo nitong pinakamahusay na gawin sa dokumentong ito. Isasama namin ito sa mga dokumento sa hinaharap.

Hindi namin orihinal na tinalakay ang pagboto sa gilid ng daan sa suplemento dahil isinama na namin ito sa aming Plano sa Pangangasiwa ng Halalan para sa Enero 2020 hanggang Enero 2024. Salamat sa pagtukoy ng pangangailangang idetalye ang mga pagbabagong kinakailangan upang isakatuparan ang pagboto sa gilid ng daan sa kapaligiran ng COVID. Nagdagdag kami ng impormasyon sa suplemento gayundin sa aming website.

Sa payo ninyo, tinanggal namin ang pagtukoy sa Patnubay sa Pantakip sa Mukha ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California. Upang maging malinaw, hindi namin itataboy ang isang botanteng hindi magsusuot ng pantakip sa mukha, at ang isang botanteng walang pantakip sa mukha ay hindi sasailalim sa hindi kailangang pagkaantala (ayon sa CCROV Memorandum # 20154).

Lahat ng Kinatawan ng Sentro ng Pagboto ay sinanay sa pagiging sensitibo sa kapansanan. Napakahalaga sa Dibisyon ng Pagpaparehistro at mga Halalan ang tratuhin ang lahat ng botanteng may kapansanan nang may dignidad at paggalang. Hangarin naming tratuhin ang lahat ng botante nang magkakapantay na may dignidad at paggalang.